# Pag-usapan natin ang...ivari

Welcome sa ivari. Sa loob ng mahigit 90 taon, nagbibigay kami sa mga pamilya sa Canada ng mga de-kalidad at abot-kayang opsyon sa proteksyon at kaalamang kailangan nila para makagawa ng tamang desisyon tungkol sa mga pangangailangan nila sa proteksyon. Palagi kaming manghihikayat ng bukas na talakayan tungkol sa pangangailangan sa insurance.



# Pero hindi lang kami puro salita

Pinaninindigan namin ang aming salita. Noong 2023, nagbayad kami ng humigit-kumulang $551 milyon sa mga claim para sa mahigit 4,286 coverage...99.5% 'yan ng mga claim na natanggap namin*.

Mahalaga rin sa amin ang pagiging konektado. Kaya makikita ninyong nagsisimula kami ng mga talakayan sa social media sa Facebook, LinkedIn, at Instagram. Kaya nagbibigay rin kami ng mga artikulong nagbibigay ng impormasyon sa aming website na tumatalakay sa mahigit pa sa insurance lang. Makikita ninyo roon ang mga impormasyon tungkol sa malulusog na lifestyle, pinansyal na kaalaman, at mga isyung nauugnay sa pagpapalaki sa mga bata at pagiging isang pamilya sa hectic na mundo ngayon.

## Pag-usapan natin ang...ivari at Sagicor Financial Company Ltd.

Ikinalulugod namin ang pagsali sa Sagicor Group of companies. Ang Sagicor Financial Company Ltd. ay isang nangungunang provider ng mga pinansyal na serbisyo sa Caribbean, na may lampas 180 taon ng kasaysayan, at may lumalakas na presensya bilang provider ng mga life insurance product sa Estados Unidos, at ngayon ay sa Canada. Nag-aalok ang Sagicor ng malawak na hanay ng mga produkto at serbisyo, kabilang ang life at health insurance, mga annuity, pension investment, at administration, property at casualty insurance, at isang hanay ng mga karagdagang pinansyal na produkto at serbisyong hindi pang-insurance kabilang ang banking at investment management.

Para alamin pa ang tungkol sa Sagicor at sa kasaysayan nito, hanay ng mga produkto, at kalakasang pinansyal, pumunta sa www.sagicor.com.

## Pag-usapan natin ang tungkol sa...aming pinansyal na katatagan

Maganda at stable ang mga rating namin, at ang mga rating ng aming parent company na Sagicor Financial Company Ltd. Para sa mga rating ng ivari at Sagicor, pumunta sa Mga Credit Rating-Sagicor.

## Pag-usapan natin ...kung para saan talaga ang ating mga produkto

Nagbebenta kami ng life insurance ngunit ang talagang layunin namin ay tungkol sa buhay. Ang klase ng buhay na mayroon kayo kapag alam ninyong protektado ang pamilya ninyo at ligtas ang kinabukasan nila. Panandalian man o mas pangmatagalan ang mga pangangailangan ninyo sa proteksyon, makakapag-alok kami sa inyo ng mga produktong poprotekta sa inyong pamilya at magbibigay sa inyo ng kapanatagan.

## Pag-usapan natin ang... pagbibigay

Sa ivari, nagmamalasakit kami sa kalusugan at well being ng mga taga-Canada, na pinatunayan namin sa loob ng maraming taon sa pamamagitan ng pagbibigay ng suporta sa iba't ibang tulong sa komunidad at mga charity na may kaugnayan sa kalusugan. Sa pamamagitan ng matagal na naming partnership sa United Way Centraide Canada, nagagawa naming masuklian ang mga organisasyong nagsisikap na maghatid ng pagbabago sa mga komunidad kung saan tayo nakatira at nagtatrabaho. Ang mga pondong nakakalap ng mga empleyado sa aming taunang fundraising campaign ay tinatapatan kada dolyar ng ivari, kaya naman nadodoble ang impact nito. Noong 2016, inilunad namin ang *Healthy Steps Program* ng ivari, na nagbibigay ng mga donasyong hanggang $25,000 sa mga organisasyong tumutulong sa mga bata at kabataan na matutunan at mapaghandaan ang panghabambuhay na malusog na pamamaraan ng pamumuhay.

**I-like kami. I-follow kami. I-share kami.**

**P.O. Box 4241, Station A**
**Toronto, Ontario M5W 5R3**

**Telepono: 416-883-5000**
**Toll-free: 1-800-846-5970**
**ivari.ca**

*Pagtatantya ang mga numero at naglalaman lang ang mga ito ng mga istatistika ng mga Life claim.

Ang ivari® at ang mga logo ng ivari ay mga trademark na pag-aari ng ivari Holdings Inc.

IV1409TGL 7/24